# Speed Safety Cameras—Ginagawang mas Ligtas ang Ating mga Kapitbahayan

**Sobrang kabilisan ANG pangunahing sanhi ng kamatayan at malubhang pinsala sa mga kalsada ng San Francisco.**

**Ang mga speed safety camera ay gumagana sa pamamagitan ng pagkuha ng mga numero ng lisensiya ng plaka ng mga sasakyan na lumalampas sa itinakdang speed limit. Ang SFMTA ay mag-iisyu ng citation (tiket) sa may-ari ng sasakyan, na ipadadala sa koreo.**

## Bakit ngayon?

Noong 2023, nag-awtorisa ang Lehislatura ng Estado ng California ng speed safety camera pilot program para sa anim na itinalagang mga lungsod, kabilang ang San Francisco, Oakland, at San José. Nasasabik kaming ilunsad ang bagong teknolohiyang ito sa unang bahagi ng 2025. .

## Saan ikakabit ang mga speed safety camera?

Ang mga speed safety camera ay ikakalat sa buong San Francisco sa patas na paraan—magpapakita ng nagkakaiba-ibang pang-lipunan at pang-ekonomiyang balangkas ng lungsod. Ang programa ay naglalayon na makinabang ang lahat ng komunidad at hindi magbubukod ng anumang partikular na kapitbahayan.

Ayon sa batas ng estado, ang mga ASE camera ay maaari lamang ilagay sa mga kalyeng pag-aari ng Lungsod gaya ng mga naiulat sa likod. Matapos suriin ang 80 posibleng lokasyon, natukoy ng lungsod ang 33 lugar para sa speed safety camera pilot project.

Upang manatiling may kaalaman sa programa, bisitahin ang **sfmta.com/speedcameras** o mag-email sa **speedcameras@sfmta.com** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa.

## Ano ang Ibig Sabihin Nito Para sa Akin?

1. **Sa anong bilis ako makakakuha ng tiket at sino ang magtatakda ng hangganan?**
   Ang mga hangganan ng bilis at ang mga multa ay itatatag ng batas ng estado. Ang mga nagmamaneho nang hindi bababa sa 11 mph na lampas sa itinakdang limitasyon ng bilis ay tatanggap ng tiket. Ang mga multa ay proporsyonal sa bilis ng nagmamaneho.
2. **Magkano ang tiket kung ako ay mahuhuli?**
   Ang mga mahuhuling nagmamaneho nang lampas 11 mph hanggang 15 mph sa itnakdang speed limit ay tatanggap ng $50 na tiket. Ang mga tiket ay maaaring umabot nang hanggang $500 kung mahuhuli na nagmamaneho nang lampas sa 100 mph.
3. **Anong datos ang kokolektahin at kanino ibabahagi ang mga iyon?**
   Tanging ang likod na plaka ng lisensiya ng sasakyan ang makukuhanan ng litrato bilang bahagi ng programa. Ang naturang datos ay itatago para lamang sa paggamit ng SFMTA at hindi ibabahagi sa anumang iba pang ahensiya, maliban na lamang kung iuutos ito ng hukuman. Ang datos ay itatago sa mga server ng SFMTA nang hanggang 120 na araw.
4. **Nakabukas ba sa lahat ng panahon ang automated speed system na ito?**
   Kapag nagsimula na ang programa, ang mga automated speed system ay magpapatupad ng speed limit sa 33 lokasyon nang 24 oras kada araw, pitong araw sa isang linggo.
5. **Ano-ano ang iba pang mga alternatibo sa pagbabayad ng tiket?**
   Ang mga tatanggap ng tiket ay may opsyon na lumahok sa serbisyo sa komunidad bilang kapalit ng pagbabayad ng tiket. May mga opsyon din na hulugan ang pagbabayad at mayroong mga diskuwento para sa mga sambahayang may mababang kita.
6. **May nagnakaw ng sasakyan ko at nakatanggap ako ng tiket. Ano ngayon ang mangyayari?**
   Ang mga tao na nakatanggap ng tiket dahil sa may nagnakaw ng kanilang kotse ay maaaring magsusumite ng isang sinumpaang salaysay ukol sa kawalan ng pananagutan.

# Paglalagay Speed Safety Camera

Maaaring gawing mas ligtas ng mga kamera ang ating mga kalye sa pamamagitan ng pagpapabagal sa bilis ng pagmamaneho. Narito ang ilang mga halimbawa kung saan maaaring ilagay ng SFMTA ang mga kamera:

## PAGPOPROTEKTA SA MGA KAPITBAHAYAN

Sa masisikip na mga kapitbahayan, ang matinding trapiko dahil sa mga kotse ay humantong sa kasaysayan ng mga banggaan. Maaaring bilisan ng mga nagmamaneho upang makaabot sa traffic light o sa pagliko. Ang matinding trapiko ng sasasyan, kasama ng mga tao na naglalakad, nagbibisikleta at nagro-rolling, ay humantong sa isang kasaysayan ng mga banggaan.




## PAGPAPABAGAL SA MGA PANGUNAHING KALSADA

Ang mga kamera ay makakatulong na gawing mas ligtas ang mga sidewalk at mga tawiran para sa mga tao na naglalakad, nagro-rolling, at nagbibisekleta papunta sa mga tindahan, lugar ng negosyo, mga destinasyon ng mga turista at mga tahanan, lalo na kapag ang mga tao ay tumatawid nang walang ilaw trapiko.

